Moorebank Intermodal Precinct

Filipino



**Ang Moorebank Intermodal Precinct ay isa sa mga pinaka-mahalagang pang-industriya at intermodal na presinto ng kargamento sa Australya. Ang laki at kapasidad ng presinto ay isang kauna-unahan sa Australya at magpapabago sa daloy ng produkto at serbisyo sa bansa, na mag-aalis sa mga sampu-sampung libong trak mula sa mga kalsada, pati na rin ang pagpapababa ng mga gastos ng mga negosyo at mamimili sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas mahusay at likas-kayang pagpoproseso at paghahatid ng kalakal.**

## Binuksan ni Prime Minister Anthony Albanese ang Moorebank Interstate Terminal

Noong Abril, malugod na tinanggap ng Moorebank Intermodal Precinct ang Punong Ministro, si Anthony Albanese upang opisyal na binuksan ang bagong Interstate Rail Terminal.

Kasama ng Punong Ministro ang Pederal na Ministro ng Departamento ng Imprastraktura, Transportasyon, Rehiyonal na Kaunlaran at Lokal na Pamahalaan na si Catherine King, at ang Ministro ng Transportasyon ng NSW na si Jo Haylen.

Hudyat ito ng isang napakamahalagang sandali sa aspeto ng paghahatid ng mga kargamento sa Australya, na nangangakong madagdagan ang katatagan sa daloy ng produkto at magtulak ng mga kahusayan sa gawain sa pagitan ng Sydney, Melbourne, at Brisbane.

Kapag lubusan nang tumatakbo, tututukan ng terminal ang 500,000 na mga dalawampong-talampakang mga container taun-taon. Ang bawat tren na dumarating sa terminal ay magkakaroon ng kapasidad para sa 1,500 tonelada ng kargamento at maaaring mag-aalis ng 100 na mga trak na 'B Double' mula sa mga kalsada ng Australya.

Sa araw ding iyon, dinaluhan din ng Punong Ministro ang engrandeng pagbubukas ng Liverpool Civic Place. Sa mahigit na 5,000 metro kuwadrado sa 6 na lebel, ang makabagong aklatan ay nagtatampok ng mga dedikadong lebel para sa mga bata at kabataan, isang space studio para sa STEM at mga mapanlikhang programa, at isang gallery para sa mga pabago-bagong eksibisyon.




Mula sa kaliwa: LOGOS Co-CEO and Founder, John Marsh; Anne Stanley MP, Member for Werriwa; NSW Minister for Transport, Jo Haylen; Federal Minister for the Department of Infrastructure, Transport, Regional Development and Local Government Catherine King; Prime Minister Anthony Albanese; Qube Managing Director, Paul Digney; National Intermodal Chair, Erin Flattery; Qube Chairman, Allan Davies (OAM) National Intermodal CEO, James Baulderstone.

## Pagsulong ng Bodega at Imprastraktura



Malapit nang makumpleto ang pagtatayo sa dalawang mga bagong bodega sa hilagang dulo ng Presinto. Ang 27,000 metro kuwadrado na bodega ng Maersk at ang 22,000 metro kuwadrado na bodega ng Sydney Tools ay parehong magbubukas sa buwan na ito.

Sa dulong timog ng Presinto, ang koponan ay naghuhukay para sa tatlong mga bagong bodega. Ang mga bodega – na mula sa mahigit 29,000 metro kuwadrado hanggang 30,500 metro kuwadrado – ay nakatakda na makumpleto sa darating na taon.

Sa kaliwa: mga bodega ng Sydney Tools at Maersk sa hilagang dulo ng Precinct.

## Gawaing Pangkapaligiran

Ang National Intermodal ay patuloy na nagsasagawa ng pangangalagang biodiversity at mga pagpapabuti bilang bahagi ng Biodiversity Agreement (BA341) nito.

Ang pinagtutuunan ng pansin sa nakalipas na dalawang buwan ay ang pag-aasinta sa pag-aalis ng mga damo sa loob ng Georges River corridor (Moorebank Offset Area) na nagbigay daan para sa rehabilitasyon ng mga katutubong uri ng halaman sa lugar.

Inumpisahan na rin ang mga trabahong bush regeneration (pagbabagong-buhay ng bush) sa isang lugar na nasa timog ng istasyon ng tren ng Casula, na kilala bilang 'Hourglass land' (Casula Offset Area). Kabilang sa lugar na ito ang napasamang mga katutubong halaman na sinisiil ng mga hindi katutubong halaman, at naging tambakan din ng mga ilegal na pagtatapon ng mga gamit sa bahay. Ang mga gawain, na nasasangkot ang pag-aalis ng basura at damo (sa pamamagitan ng kamay at pati na rin ang tulong ng makina) ay humantong na sa malinaw na mga palatandaan ng pagpapabuti ng kalidad ng mga katutubong halaman, na makikita na mula sa tulay sa ibabaw ng istasyon ng tren sa Casula.



Ang Georges River corridor patungo sa hilagang-kanlurang dulo ng Precinct

## Programa ng malalim na kamalayan ng mga lokal na mataas na paaralan

Noong Marso, dalawang mga pangkat ng paaralan mula sa Liverpool Group of Schools ay naglibot sa Moorebank Intermodal Precinct bilang bahagi ng isang karanasan ng malalim na kamalayan ng Education Pathways Program (EPP).

Nasaksihan ng mga mag-aaral ang ginagawang konstruksyon sa Precinct, nakisali sa mga sesyong Q&A para sa trabaho kasama ang mga miyembro ng koponan ng LOGOS at naglibot sa 55,000 metro kuwadradong pasilidad ng Mainfreight, na nagbibigay sa kanila ng direktang pagtingin sa isang makatutuhanang kapaligiran ng lugar ng trabaho.

Kapag gumagana na, ang Moorebank Intermodal Precinct ay inaasahan na makakalikha ng mahigit na 6000 mga trabaho kabilang ang logistics, administrasyon ng negosyo at pananalapi, trabaho sa kuryente at solar, robotics at automation engineering, at marami pang iba.

Isang malaking pasasalamat sa lahat ng mga mag-aaral, guro at mga kawani ng NSW Department of Education na sumama sa amin para sa hindi malilimutang araw na ito, at sa Mainfreight para sa pagdadala ng mga mag-aaral sa iyong trabaho at pagbibigay ng pagkakaunawa para sa isang karera ng logistics.




Mag-aaral nasa mismong lugar ng Moorebank Intermodal Precinct Education Pathways Program (EPP) immersion experience.

## Mga Oras ng Operasyon at Konstruksyon

Ang aprubadong mga oras ng operasyon sa Intermodal Facility (kabilang ang Rail Link at Pagbobodega ng Import Export Terminal,) ay 24 oras, 7 araw sa isang linggo.

**Mga Pagtrabaho sa Dis-oras**

Ang aming mga gawain ay karaniwang isinasagawa sa loob ng karaniwang oras ng konstruksyon, gayunpaman maaaring mayroong mga partikular na aktibidad o hindi maiiwasang mga pangyayari na mangangailangang magtrabaho sa labas ng oras-opisina upang mabawasan ang epekto sa komunidad, mga gumagamit ng daan at mga lokal na negosyo.

Ang mga pagtatrabahong ito ay i-aabiso nang maaga sa pamamagitan ng website at isang letterbox drop sa mga apektadong residente at negosyo.

**Ang aprubadong karaniwang oras ng trabaho sa konstruksyon ay:**

**Moorebank Precinct West**
Lunes hanggang Biyernes:
ika-7 ng umaga – ika-6 ng hapon
Sabado: ika-8 ng umaga –
ika-1 ng hapon

**Moorebank Precinct East**
Lunes hanggang Biyernes:
ika-7 ng umaga – ika-6 ng hapon
Sabado: ika-7 ng umaga –
ika-1 ng hapon

## Pakikipag-ugnayan

Upang makipag-ugnay, humiling ng impormasyon o magreklamo:

**TUMAWAG SA AMIN**
1800 986 465

**MAG-EMAIL SA AMIN**
moorebank@tsamgt.com

**SUMULAT SA AMIN**
Level 15, 207 Kent Street,
Sydney, NSW, 2000

Para sa karagdagang impormasyon,
mangyaring bumisita sa aming website **simta.com.au**

Moorebank Intermodal Precinct